# Balitang Manmin

BILANG 200 ABRIL 1, 2018


# Tumutulong sa Pagbabago ng Buong Mundo ang mga Kabataan ng Manmin!



"Nais kong maging makapangyarihan para maihatid ko sa Panginoon ang mga taga-North America!"

"Masaya ako kapag naipadadama ko sa mga tao ang pag-ibig ng Panginoon sa mga sayaw!"

"Bilang isang pulis, nais kong ibahagi ang tungkol sa pag-ibig ng Panginoon na ibinigay sa akin ng walang bayad!"

"Nais kong maging abogadong mapagmahal at tumutulong sa maraming tao!"

"Sapagkat Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa Kanyang mabuting kalooban" (Filipos 2:13).

Pinakamahusay sa buong mundo ang mga kabataan ng Manmin dahil itinuro sa kanila ang ebanghelyo ng kabanalan at naranasan nila ang maraming tanda, himala, at iba pang kapangyarihan ng Diyos. Basahin natin ang mga patotoo ng apat na kabataan na nagpapakita ng mabangong samyo ni Cristo sa larangang kinabibilangan nila. Sila ay sumusulong sa mga banal na layunin para sa kaluwalhatian ng Diyos.

## Jaeyun Kim, California Manmin Mission Center, U.S.A.

Nakapagtapos sa UCLA si Kapatid Jaeyun Kim (litrato 1), isa ito sa pinakamagaling na kolehiyo sa kanlurang bahagi ng America. Noong taong 2015, nakapagtapos din siya ng master's degree sa nasabing kolehiyo. Habang nagtatrabaho siya bilang guro ng matematika sa high school, ipinadala sa Peru Manmin Church ang tatay niyang si Misyonero Hangryeol Kim na nagpapastor sa California Manmin Mission Center. Dahil dito, nangailangan ng papalit na misyonero ang iglesya.

Noong Disyembre 17, 2017, pinadala siya bilang misyonero sa mission center ng Manmin Central Church. Nais niyang maging misyonero noong nasa high school pa lang siya. Narinig ng Diyos ang dalangin niya, kaya ginawa siyang isang misyonero.

"Nais kong maging makapangyarihang misyonero na makapagdadala sa Panginoon ng maraming taong mula sa Hilagang America sa pangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan. Sa pamamagitan nito, nais kong mabayaran ang pagpapala ng Diyos na pinahintulot na makilala ko ang pastol ng pag-ibig at kapangyarihan, at magkaroon ng tunay na pananampalataya."

## Seulgi Kim, Power Worship Dance Team, Komite ng Sining ng Pagtatanghal

Pinangarap ni Kapatid Seulgi Kim (litrato 2) na luwalhatiin ang Diyos sa pagsasayaw dahil napanood niya ang pagtatanghal ng Power Worship Dance Team noong estudyante pa lang siya. Noong taong 2010, pagdating niya sa kolehiyo, lumipat sila sa Seoul. Naging miyembro siya ng College Mission Worship Dance Team at pagkatapos nito, Glory Worship Dance Team naman. Noong taong 2015, naging miyembro siya ng Power Worship Dance Team na matagal na niyang pinangarap.

Kasabay nito, gumaling siya mula sa sakit sa baga dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Magmula noon, tumuon siya sa pagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos sa mga pagtatanghal. Sinabi niya na masaya siya sa ginagawa niyang pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos sa mga tao na may magkakaibang wika at kultura sa pamamagitan ng sayaw.

"Nadadama ko ang dakilang pag-ibig ng Diyos kapag nakikita ko ang mga taong napapaluha kapag pinapanood ang mga pagtatanghal, kapag ginigising sila ng ebanghelyo ng kabanalan, at kapag nararanasan nila ang pagpapagaling ng Banal na Espiritu. Umaasa ako na mas maraming tao ang makakadama ng dakilang pag-ibig ng Panginoon at mararating ang magandang kalangitan."

## Hanbit Lee, Abogado, Personal Information Protection Commission

Abogado si Kapatid Hanbit Lee (litrato 3). Tinapos niya ang mga pagsasanay sa Judicial Research & Training Institute bilang isa sa mga nagtapos sa ika-44 na taon nito. Nagtatrabaho na siya ngayon para sa Personal Information Protection Commission na naglilingkod sa tanggapan ng presidente.

Dahil tinuruan siya ni Dr. Jaerock Lee na palaging magpakumbaba, huwag magyabang, at maglingkod sa kapwa, sinikap niyang hindi ipilit ang kanyang katwiran, nagsikap din siyang matuto mula sa ibang tao, kahit may mga pagkakataong hindi siya kumportable. Hindi nagtagal, kinilala siya ng mga tao. Akala niya, wala pa siyang nagagawang malaking bagay, pero, ang ginagawa niyang maliliit na bagay ay nagbigay sa kanya ng mabuting reputasyon sa larangang kinabibilangan niya. Kinuha siya ng komite na pinapangarap ng maraming taong paglingkuran.

"Hindi ako umiinom ng alak kahit mapagbigyan lang ang ibang tao. Ginabayan ako ng Diyos sa paraan Niya. Hindi sa paraan ng mundo. Gusto kong maging abogado ng pagmamahal na makapagbibigay sa mga tao ng karunungang mula sa Diyos."

## Hosan Jeong, Crime Investigation Department ng Gwanak Police Office

Isang tenyente ng puslisya si Kapatid Hosan Jeong (litrato 4). naglilingkod siya sa Economic Crime Team na sangay ng opisina ng Crime Investigation ng Gwanak Police. Napahanga siya sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee nang marinig niya ang pagtuturo nito tungkol sa Genesis sa internet. Dahil tumanggap siya ng malaking pagpapala mula sa pagtuturong ito, nagrehistro siya sa Manmin noong taong 2012.

Nakakilala siya ng iba't ibang klaseng tao sa trabaho, pero sinikap niyang magpakita sa kanila ng kabutihan at ng mabangong samyo ni Cristo. Noong taong 2017, tumanggap siya ng ilang parangal. Naglilingkod din siya ng tapat bilang miyembro ng mga nagmimisyon at inilaan ang kanyang sarili sa pangangalaga ng kaligtasan ng mga miyembro ng iglesya. Sinabi niya na lagi niyang naaasahan ang tulong ng Diyos habang ginagawa niya ang kanyang trabaho.

"Nahuhuli ko ang mga kriminal kahit hindi gumagana ang 'tracking system' ng opisina. Nabibigla ang mga kasamahan ko sa opisina. Hindi pa sila nakaranas ng tulad nito. Nais kong ibahagi sa buong mundo ang pag-ibig ng Panginoon na ibinibigay sa akin ng walang bayad bilang opisyal ng kapulisan."



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Pananampalataya ay Katiyakan sa mga Bagay na Inaasahan

"Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita. Tunay na sa pamamagitan nito ang mga tao noong una ay tumanggap ng patotoo" (Sa Mga Hebreo 11:1-2).

Ipinapaliwanag ng ika-11 kabanata ng Sa Mga Hebreo kung ano ang pananampalataya at kung paano tumanggap ng mga kasagutan mula sa Diyos ang mga ama ng panaampalataya. Sinabi dito ang kahulugan ng pananampalataya, 'ito ay katiyakan sa mga bagay na inaasahan at paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita'.

Pag-aralan nating mabuti kung ano ang pananampalataya at kung paano tayo tatanggap ng mga kasagutan sa pamamagitan nito.

### 1. Espirituwal na pananampalataya kung saan walang imposible

Kahit umaasenso at sumusulong ang siyensya at medisina, patuloy pa rin sa pagdami ang lahat ng klaseng karamdaman at problema na hindi kayang lutasin ng tao. Mas dumami ang mga natutuklasang karamdaman, at walang tigil ang mga nangyayaring aksidente at kalamidad sa buong mundo. Maraming tao ang namamatay sa mga hindi nagagamot at nakamamatay na sakit. May mga taong nawalan ng yaman at katanyagan sa isang iglap. Dahil imposibleng harapin at lutasin ang mga problemang lampas sa kakayahan ng tao sa makalaman na mundong ito, nakakulong tayo sa sarili nating limitasyon.

Pero sa mundo ng pananampalataya, ang mga bagay na inaasahan ninyo ay nagiging totoo. At ang mga bagay na hindi ninyo nakikita ay makikita ninyo. Ito ang espirituwal na mundo. Ito ay mundong walang limitasyon o walang imposible. Hindi mahalaga kung anong klaseng katotohanan ang kinalalagyan ninyo. Ito ay mundo kung saan makikita ang kapangyarihan ng Diyos. Sinasabi sa atin ng Biblia kung anong klaseng tao ang makakaranas ng mundo ng pananampalataya, kung anong bahagi nila ang tatanggapin ng Diyos bilang pananampalataya, at kung paano sila dinala ng Diyos sa mga kasagutan at mga biyaya. Si Naaman ay isang magandang halimbawa, nakasulat ang tungkol sa kanya sa 2 Mga Hari 5.

### 2. Mga dahilan kung bakit tatanggap si Naaman ang kasagutan

Si Naaman ang heneral sa hukbo ng hari ng Aram. Kahit ang posisyon niya ay pangalawa sa hari, nagkasakit siya ng karamdamang hindi kayang gamutin ng tao. Nagkaroon siya ng ketong, pero gumaling siya sa kapangyarihan ng Diyos. Maraming ketongin sa Israel na hindi gumagaling, pero sinagot ng Diyos ang dalangin ni Naaman. Nilinis siya ng Diyos kahit hindi pa niya lubos na kilala ang Diyos (Lucas 4:27). Bakit kaya?

#### Una, mabuti ang puso niya.

Kadalasan, hindi nakikinig sa iba ang mga taong nasa mataas na posisyon. Pero, mabuting tao si Naaman, pinakinggan niya ang sinabi ng batang lingkod.

Pinakinggan niya ang batang babaing lingkod na bihag mula sa Israel. Sinabi nito, "Sana'y naroon ang aking panginoon na kasama ng propeta na nasa Samaria! Kanyang pagagalingin siya sa kanyang ketong." Nang marinig ito ni Naaman, siya mismo ang pumunta sa Israel para makipagtagpo kay Eliseo, ang propeta ng Diyos.

#### Pangalawa, nagpakita siya ng pananampalataya, buong puso niyang pinaghandaan ang mga handog.

Humayo si Naaman patungong Israel at nagdala siya ng sampung talentong pilak at anim na libong pirasong ginto, at sampung magagarang bihisan (2 Mga Hari 5:5). Ayaw niyang umani ng hindi naman niya itinanim o ng higit sa itinanim niya. Masaya niyang inihanda ang mga handog na nababagay sa posisyong hinahawakan niya, kasama nito ang matinding pagnanais na gumaling (Mateo 6:21). Tinanggap ng Diyos ang mga handog niyang may kaakibat na pagmamahal. Nakita ng Diyos ang pananampalataya niya kaya binigyan siya ng biyaya na katumbas ng itinanim niya.

#### Pangatlo, sinunod niya ang salita ng Diyos na inihatid ng propeta.

Hindi hinarap ni Eliseo si Naaman kahit nagmula pa ito sa malayong lugar. Nagpadala lang ito ng sugo, at ipinasabi, "Humayo ka at maligo sa Jordan ng pitong ulit. Ang iyong laman ay manunumbalik at ikaw ay magiging malinis." Hindi agad naniwala si Naaman kay Eliseo, ang pang-unawa niya ay may limitasyon dahil tao lang siya. Inisip pa niya na minaliit siya ni Eliseo at sinabing babalik na lang sa lugar na pinag-mulan (2 Mga Hari 5:10-12).

Pero, pinigilan siya ng mga lingkod niya (2 Mga Hari 5:13). Pansinin natin na "Ama ko" ang tawag sa kanya ng mga lingkod. Ibig sabihin, may pagmamahal ang trato niya sa mga ito, mapagbigay siya sa kanila na parang mga sariling anak niya ang mga ito. Saglit lang nasaktan ang damdamin niya, pero nagbago ang isip niya dahil sa sinabi ng mga lingkod. Sinunod niya si Eliseo.

#### Pang-apat, sumunod siya hanggang sa huli, hindi nagbago ang isipan niya.

Bakit nagpadala lang ng sugo si Eliseo kay Naaman para sabihin na maligo ito ng pitong beses sa Ilog ng Jordan? Ang kahulugan ng numerong 'pito' ay kumpleto, at ang tubig ay Salita ng Diyos. Kaya ang pagligo ng pitong beses sa Ilog ng Jordan ay nangangahulugang lubos na pagsunod sa Salita ng Diyos.

Perpekto ang pagsunod ni Naaman sa sinabi ni Eliseo kaya naranasan niya ang kapangyarihan ng Diyos. Pagkatapos niyang maligo sa Ilog ng Jordan ng pitong beses, nakita niyang nanumbalik ang laman niya, parang laman ng isang munting bata, malinis na siya (2 Mga Hari 5:14). Dahil nagtiwala siya sa sinabi ng propeta Eliseo, at sumunod hanggang sa huli, tumanggap siya ng kasagutan mula sa Diyos.

#### Panlima, binayaran niya ang pagpapalang ibinigay sa kanya.

Nang gumaling na ang ketong niya, bumalik si Naaman kay Eliseo kasama ang pulutong at nagpasalamat. Sinabi niya na Diyos lang ang tunay na Diyos dito sa lupa (2 Mga Hari 5:15-17).

Walang nagturo sa kanya ng Kautusan ng Diyos, at walang nagbahagi sa kanya ng tungkol sa Diyos. Pero dahil sa naranasan niya sa unang pagkakataon, naging matatag ang pananalig niya na ang PANGINOON ng Israel ay ang nag-iisang tunay na Diyos. Hiniling din niya na patawarin siya ng PANGINOON dahil yuyukod siya sa bahay ni Rimon kapag aalalayan niya ang panginoon niya sa pagpunta nito doon (2 Mga Hari 5:18).

Sapat na ang kabutihan ng puso niya para maalala at mabayaran ang pagpapalang ibinigay ng Diyos, at hindi ito magtaksil. Kaya pinili siya ng Diyos at pinahintulutan na magbigay ng luwalhati sa Kanya.

### 3. Pananampalataya ang daluyan ng kapangyarihan ng Diyos

Kapag nahihirapan ang tao, sasabihin nila, "Hindi ko kaya ito. Malalaki ang pananampalataya ng kakaya nito." Pero sasagutin ang mga hiling ninuman kung totoong nagtitiwala sila sa Diyos. Ang pananampalataya ay nagsisilbing kuneksyon ninyo sa Diyos na Manlilikha, daluyan din ito ng kapangyarihang ipapakita Niya sa atin.

Kaya kung mananalangin kayo at hihingi ng may pananampalataya, may tatanggapin kayo (Marcos 11:24), walang magiging problema. Dahil kung may pananampalataya kayo sa Diyos, gagamitin ang batas ng espirituwal na mundo kung saan walang imposible.

Kung hihiling kayo ng yamang pangpinansyal, at hindi kayo binigyan, mali ang motibo ninyo. Gagastusin ninyo ito sa pansariling kasiyahan (Santiago 4:3). Hindi pwedeng sabihing may pananampalataya kayo kung humihingi kayo para sa sariling kaligayahan. Ipinapakita din dito na hindi pa ninyo inihahanda ang tamang sisidlan. Kaya sa pagkakataong ito, hindi kayo sasagutin ng Diyos, kahit gaano pa ang pagsisikap ninyong ipakita ang inyong pananampalataya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, dapat hindi lang ninyo sabihin, "Nananampalataya ako", patunayan din ninyo ito. Ang magpapatunay nito ay pagsunod sa mga bagay na hindi ninyo kayang sundin, at pagtitiwalang matutupad ang mga bagay na inaasahan, at pagtitiwala sa 66 na aklat ng Biblia. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon, na sa pamamagitan ng perpektong pagtitiwala sa Diyos, mapapatunayan ninyo ang pananampalataya ninyo, at lubos na luluwalhatiin ang Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Mga Umaapaw na Patotoo Tungkol sa Diyos na Buhay

Gaya ng sinabi ni Jesus sa Juan 11:40, "Hindi ba sinabi ko sa iyo, na kung ikaw ay sasampalataya, makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos?" Magdadala ng kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos ang pagsampalataya sa Kanya, hindi ito makakayang isipin ng tao.

Naranasan ng mga miyemro ng Manmin sa loob at labas ng Korea ag dakilang kapangyarihan ng Diyos kung saan walang imposible. Gumaling sila mula sa mga karamdaman, tumanggap ng mga kasagutan at mga biyaya, at naprotektahan mula sa mga aksidente at karamdaman. Narito ang mga patotoo nila.

## Nagbago at lumigaya ako dahil sa salita ng buhay!

Dahil sa hindi mabilang na oras na iginugol ni Dr. Jaerock Lee sa pananalangin at pag-aayuno, tinanggap niya ang kahulugan ng salita ng Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu. Lahat ng espirituwal na mensahe niya ay mapapakinggan sa website ng iglesya, www.manmin.org na tumutulong sa mga tao na mapakinggan ang mga mensahe at maranasan ang espirituwal na paggaling, pagbabago, at bagong buhay.

**Pinakinggan ni Kapatid Victor Chevchigashev,** 46 taong gulang, taga-Russia, ang mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa CNL at TBN Russia, mga brodkaster na Cristiano. Para ito sa mga taong Ruso ang wika. Namangha siya sa mga malalim na espirituwal na mensahe. Sinabi niya, "Mukhang napakamapagkumbaba at mapagkakatiwalaan si Dr. Lee. Maliwanag ang sagot niya sa mga tanong ko tungkol sa Biblia." Naranasan din niya ang paggaling mula sa karamdaman. Pinagdusahan niya ang pamamaga ng kanyang mga daliri, may nana din na lumalabas sa mga kuko niya dahil sa trabaho niya, at may psoriasis ang mga binti niya. Gumaling ang lahat ng ito.



Magmula ng magparehistro ang pamilya niya sa Manmin bilang mga miyembro, sumasama sila sa mga pagsamba sa internet, at ibinahagi nila ang ebanghelyo ng kabanalan sa kapwa nila.

**Sinabi ni Diakono Jongyeong Park,** 43 taong gulang, Parokya 32, Manmin Central Church, na hindi siya naging masaya ng dumalo siya sa ibang iglesya. Inisip niya, 'Nabahiran na ng labis na kasamaan ang mundo, nagkakasala ako. Mapagtagumpayan ko kaya ito? Hinahangad kong matanggap kahit ang kahiyahiyang kaligtasan man lang.'



Samantala, napanood niya ang video na may titulong 'Power' sa YouTube. Tungkol ito sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee. Naisip niya ang mga sermon nito.

Sinimulan niyang pakinggan ang mga serye ng sermon ni Dr. Lee na may titulong "The Message of the Cross", nang matapos niya ito, pinakinggan niya ang iba pa. Hinaplos ng mga mensahe ang puso niya dahil sa dakilang pag-ibig ng Diyos na nangangalaga ng sangkatauhan dito sa mundo para magkaroon ng mga tunay na anak na pwedeng bahagian ng pag-ibig magpakailanman. Nagrehistro siya at ang pamilya niya sa Manmin. Tunay na maligaya na siya sa buhay bilang mananampalataya. Habang nagsusulong siya ng buhay bilang Cristiano na malaya sa kasalanan, mapayapa ang buong pamilya niya sa Panginoon.

## "Dahil sa panalangin, gumaling ako mula sa gastro-esophageal reflux!"

Diakonesa Songyee Jung, 40 taong gulang, Canaan Mission, Manmin Central Church




Sa nakalipas na dalawang taon, nakararanas ako ng matinding kabag, umabot na ito sa lalamunan ko. Masakit at mainit ang pakiramdam nito, parang may gumagalaw sa lalamunan ko. Nasusuka ako. Kapag nakahiga ako, umaakyat sa lalamunan ko ang pagkaing kinain ko, nakakaranas ako ng matinding pananakit sa dibdib ko. Hindi ako humihiga kapag natutulog.

Noong Setyembre 2016, sumailalim ako sa pagsusuring gastroscopic, nakita dito na mayroon akong gastro-esophageal reflux. May matinding pagdurugo at pamamaga ang lalamunan ko. Uminom ako ng gamot, pero hindi ako gumaling. Noong Agosto 2017, nagpasuri ako ulit, may nakita pa ring mga sugat sa tiyan at lalamunan ko.

Noong Disyembre 30, 2017, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee pagkatapos ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes. Kinabukasan, nawala lahat ng kabag at iba pang sintomas. Walang pananakit ang lalamunan ko, natunawan ako. Dahil sa panalangin ng Punong Pastor, gumaling ang sakit kong gastro-esophageal reflux!

Bago ipanalangin



▲ nagdurugo at namamaga ang bahagi sa gitna ng tiyan at lalamunan

## "Nabasag ang buto ng kanang braso ko pero naibalik ang mga ito kahit hindi sumailalim sa operasyon!"

Kapatid na Juyeong Jung, 14 taong gulang, Parokya 9, Manmin Central Church



Noong Nobyembre 4, 2017, sumakit ang kanang braso ko nang mahulog ako sa slide sa laruan. Sinabi ng doktor na nabasag ang buto ko, kailangang maoperahan ito. Sinabi pa niya na kung hindi ito maooperahan, hindi magiging normal ang paglaki nito, magiging mas maiksi ito kaysa sa kaliwang braso, o kaya, magiging baluktot. Umuwi ako, gusto kong tanggapin ang pagpapagaling ng Diyos. Pinakinggan ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System. Pagkatapos ng panalangin, unti-unting nawala ang pananakit, hanggang sa nawala. Nakatulog ako ng mahimbing nang gabing iyon.

Sinabi ng doktor sa akin na basag ang buto ko sa braso, makakaranas ako ng matinding pananakit. Pero wala akong naramdamang pananakit. Dumalo ako sa pulong panalanging Daniel, nagsisi ako sa mga kasalanan ko habang nananalangin. Napaiyak ako, hindi ko mapigilan.

Noong Nobyembre 17, nagpadala ako ng hiling na panalangin sa Punong Pastor. Nananalangin siya sa bahay panalanginan sa bundok. Noong Disyembre 2, nagpa x-ray ako. Sinabi ng doktor na nabuo at maayos na ang mga buto ko. Hallelujah!

Bago idalangin



► ang buto sa braso ay basag at wala sa tamang posisyon.

Pagkatapos idalangin



► gumaling ang mga buto, normal ang sukat nito.

## "Matapos ma-stroke, hindi ako naparalisa!"

Diakono Changkeuk Maeng, 69 taong gulang, Parokyang Chinese, Manmin Central Church




Noong Disyembre 26, 2017, pumasok ako sa trabaho. Mabigat ang pakiramdam ng kaliwang bahagi ng katawan ko, umuwi na lang ako. Habang nasa daan, naramdaman kong napaparalisa ang mga binti at dila ko. Hindi ako makaakyat sa hagdanan at hindi ako makapagsalita.

Naka-uwi din ako. Tumawag ang anak kong babae sa 119 para masundo ako ng ambulansya, dinala ako sa ospital. Nagkaroon pala ako ng cerebral infarction. Sinabi ng doktor na napinsala ang mga selula sa tatlong bahagi ng utak ko, hindi ito lubos na mapapagaling. Sinabi pa niya na hindi na magiging normal ang buhay ko.

Pagsapit ng ika-5:00 ng hapon noong Disyembre 29, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Pagkatapos nito, lumakas ang mga binti ko, nakapaglakad ako ng walang tulong. Hindi na rin mabigat ang pakiramdam ng kaliwang bahagi ng katawan ko.

Noong Disyembre 30, pagkatapos ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, nakipagkamay ako sa Punong Pastor, naging normal ang pagsasalita ko, hindi na paralisado ang dila ko. Hallelujah!

Bago idalangin



► May nakitang tanda ng cerebral infarction sa utak sa bahaging basal nuclei sa likuran ng kanang lateral ventricle.

# "Umaapaw ang mga biyaya sa pamilya ko!"

Diakono Yongchul Baek, 53 taong gulang, Parokya 6, Manmin Central Church



Kamakailan lang, natanto ko na kaya kong gawin ang lahat ng bagay at magbunga para sa Panginoon kung may pananampalataya ako. Nagtatrabaho ako sa Seoul Housing & Communities Corporation. Tungkulin kong pangalagaan ang mga lugar kung saan may mga itinatayong gusali. Walang nangyaring aksidente sa loob ng maraming taon dahil idinadalangin ako ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Tinutupad ko ang mga tungkulin ko nang masigasig, naglilingkod ako sa ibang tao ayon sa itinuro ng pastor. Noong Disyembre 31, 2017, pinarangalan ako ng mayor ng Seoul. Ito ay bilang pagkilala sa ini-ambag ko sa pangangalaga ng kaligtasan ng mga tao kapag may nagaganap na pagbaha, sa pagbabawas ng pinsala, at pangangalaga ng mga mamamayan. Masaya ako kapag naluluwalhati ko ang Diyos sa trabaho ko.

Si Kapatid Jonghyun Baek, ay anak kong lalaki, 21 taong gulang na siya ngayon. Noong 5 taong gulang pa lang siya, matindi ang pagka-utal ng pagsasalita niya. Pero nang makipagkamay siya sa Punong Pastor nang may pananampalataya, agad na naging normal ang pagsasalita niya. Pagkatapos niyang maranasan ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos, idinalangin niya na makapag-aral siya ng mga wika at makapaglingkod sa kaharian ng Diyos. Noong taong 2018, nakapasok siya sa Department of Arabic sa Hankuk University of Foreign Studies dahil nakapasa siya pagsusulit. Isa ito sa mga prosesong dapat maipasa. Dahil napili siya para maging iskolar, kalahati lang ang binayaran niya sa buong pag-aaral niya sa akademya.

Ang anak kong babaing si Kapatid Jihyun Baek, 19 taong gulang, ay muntik ng mamatay noong maliit pa siya. Naatrasan siya ng kotse! Pero iningatan siya dahil sa kapangyarihan ng pastol. Malusog siya ngayon. Naglilingkod siya bilang presidente ng High School Mission of Students' Sunday School mula noong nakaraang taon at hanggang ngayon. Masipag siyang mag-aral at mabait na estudyante kaya tumanggap siya ng parangal bilang ulirang estudyante.

Ang asawa kong si Punong Diakonesa Miok Kim, 49 taong gulang, ay puno ng kagalakan at pagpapasalamat habang pinangangalagaan niya ang mga kaluluwa at maalab na nananampalataya. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na tumutulong sa buong pamilya ko para magkaroon ng pag-asang makarating sa magandang langit at lumakad sa daan na puno ng pagpapala.

# "Gumaling ako mula sa kanser sa dugo (hematologic malignancy)!"

Kapatid Tara Singh, 28 taong gulang, Delhi Manmin Church, India



Noong Abril 2017, nakaramdam ako ng kakaiba sa katawan ko. Masakit ang buong katawan ko at hindi makatulog dahil sa matinding pananakit ng ulo at pangangati. Nanghina ako, buong araw akong nakahiga sa kama. Habang lumalala ang pakiramdam ko, nawalan ako ng ganang kumain.

Sa pagsusuri, nakitang may kanser ako sa dugo. Sinabi sa akin ng doktor na hindi tiyak kung lubos ang paggaling ko kahit maoperahan dahil kumalat na ang kanser sa buong katawan ko. At ang pinakamalalang balita, pwede akong mamatay anumang oras kung hindi maooperahan.

Dahil mapanganib ang situwasyon ko, may naalaala ako. Dalawang buwan bago ako magkasakit, may nagsama sa akin sa Delhi Manmin Church. Marami akong narinig na patotoo ng mga napagaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Sinimulan kong manalangin sa pulong panalanging Daniel sa GCN. Pinagsisihan ko ang naging buhay ko noon at nanalangin ako ng maalab. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor na naka-record tatlong beses sa isang araw at pinakinggan ko ang sermon niya na "The Message of the Cross." Madalas kong tanggapin ang panalanging may panyo na dinalanginan ni Dr. Lee mula kay Pastor John Kim (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos, bumubuti ang pakiramdam ko, malakas ang buong katawan ko.

Nabalitaan ko ang tungkol sa Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong 2017 na gaganapin sa Agosto. Inihanda ko ang sarili ko, gusto kong gumaling ng lubos. Naghandog ako ng pag-aayuno at pananalangin. Noong Agosto 7, sumama ako sa unang araw ng retreat sa pamamagitan ng GCN. Nang tanggapin ko ang panalangin ng Punong Pastor, may kamangha-mangang nangyari sa akin. Pagkatapos ng panalangin, bumaba sa akin ang apoy ng Banal na Espiritu. Nag-init ang katawan ko, at nagpawis ako. Pagkatapos, lahat ng sintomas ay nawala na!

Pagkalipas ng sampung araw, sumailalim ako sa pagsusuri. Namangha ang doktor, "Nawala na ang kanser mo!" Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin!

## Naprotektahan kami mula sa malaking sunog at mga nakakatakot na aksidente!



Si Kapatid Teresita Tamayo, 67 taong gulang, Manila Manmin Church, Pilipinas, ay naprotektahan mula sa malaking sunog. Noong Enero 4, 2018, ika-10:00 ng umaga, nagkaroon ng sunog dahil sa mga batang naglaro ng posporo, lumaki ito. Mag iika-5:00 na ng hapon ng mapatay ang apoy, mga 20 trak ng bumbero ang dumating. Nasunog ang 50 mga bahay sa paligid ng bahay ni kapatid Teresita Tamayo, pati ang bahay sa likuran nito. Pero protektado ang bahay niya.

"Nagpadala ako ng hiling na panalangin sa central church sa pamamagitan ng pastor ng iglesya. Kaya ang bahay ko lang ang hindi nasunog ayon sa kapangyarihang ibinigay ng Diyos sa pastol! Nakakamangha!"



Noong Disyembre 29, 2017, nahulog mula sa ika-4 na palapag ng gusaling itinatayo si Kapatid Arguins Odaka Sande, 23 taong gulang, ng Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya. Aksidenteng napatapak siya sa isang hagdanan na hindi matibay kaya nahulog siya. Itinakbo siya sa ospital ng mga kasamahan niya sa trabaho. Walang malalang nangyari sa kanya, maliit lang ang tinamong sugat sa mukha!

Sinabi niya, "Nahulog ako, una ang ulo. Biglang humangin ng malakas, kaya umikot ang buong katawan ko, naunang bumagsak ang kanang kamay ko sa halip na ang ulo ko." Nagpasuri siya sa doktor, walang pinsala ni isa. Pina x-ray din niya ang kanang kamay niya, wala ring nakitang problema.




Noong Oktubre 11, 2016, binangga ang kotseng sinasakyan ni Kapatid Vasily, 32 taong gulang, miyembro ng Moldova Manmin Church. Napipi ang kotse niya, kaya naipit siya sa may manibela dahil siya ang nagmamaneho.


"Huminto ang bumanggang kotse bago maipit ang katawan ko. Nang mahimasmasan ako, binuksan ko ang pinto at bumaba mula sa kotse. Kinapa ko ang katawan ko, wala akong naramdamang masasakit. Naprotektahan ako dahil sa kapangyarihan ng pastol!"

Nagrehistro siya sa Manmin pagkatapos niyang pakinggan ang mga sermon ng Punong Pastor Dr. Lee sa mga CD na ibinigay sa kanya ng isang kakilala. Sinabi niya na nagbago ang buhay niya dahil sa salita ng buhay.












### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Pladeriel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714